



Budget 2021–22



Pagsiguro sa muling pagbuti ng Australya

Ang muling pagbuti ng Australia mula sa COVID-19 ay maayos na nagaganap

Ang muli nating pagbuti

Sa kabila ng COVID-19, nakamit ng Australya ang mga kinalabasang namuno sa mundo, may mas kakaunting impeksyon, pagpapa-ospital at pagkamatay kaysa sa karamihan ng ibang mga bansa.

Ang pang-emerhensyang suporta ng Pamahalaan ay nagbigay ng mahalagang tulong sa ekonomiya sa panahon ng unang recession sa Australya sa halos 30 taon.

Ang ekonomiya ay matatag na bumuti at takdang bumalik sa mga antas bago nag-pandemya, na maaga nang siyam na buwan kaysa sa inaasahan ng nakaraang Budget, na ang antas ng walang trabaho ay takdang magiging limang beses na bibilis kaysa sa recession noong dekadang 1990.

Bagama't hindi pa nawawala ang pandemya, mas mabuti ang pagkakapuwesto natin kaysa sa karamihan ng ibang mga bansa sa mundo upang

matugunan ang darating na mga hamong pang-ekonomiya.

Ang Budget (badyet) na ito ay magdadagdag sa tagumpay na ito upang masiguro ang muling pagbuti ng Australya.

Ang plano

Ang Budget na ito ang susunod na yugto ng planong pang-ekonomiko ng Pamahalaan upang masiguro ang muling pagbuti ng Australya.

Ito ay lilikha ng mga trabaho, maggagarantiya ng mga mahahalagang serbisyo at magtatatag ng mas may kakayahang makibagay at maseguridad na Australya.

Ginagawa ito sa:

- Mga pagbawas sa personal na buwis ng kita;
- Mga insentibo sa pangnegosyong buwis;
- Bagong mga apprenticeship at mga puwesto sa pagsasanay;

- Mas maraming infrastructure; at
- Rekord na pagpopoondo para sa mga paaralan, ospital, pangangalaga ng matatanda, kalusugang pangkaisipan, at ang NDIS.

Ito ay sisiguro sa muling pagbuti ng Australya at pabababain ang antas ng walang trabaho.

Paglikha ng mga trabaho at pagtatayong muli ng ating ekonomiya

- Karagdagang \$7.8 bilyon sa mga pagbabawas sa buwis para sa mga kumikitang nasa low-at middle-income, na nagkakahalaga ng hanggang \$1,080 para sa mga indibidwal, o \$2,160 para sa may dalawang kita na mag-asawa
- Pagpapatuloy pa ng pansamantalang full expensing at pansamantalang loss carry-back upang magbigay ng karagdagang \$20.7 bilyon sa ayudang-pambuwis sa mga forward estimate (estimasyong panghinaharap) upang suportahan ang pamuhunan ng negosyo at makalikha ng mga trabaho
- Karagdagang \$15.2 bilyon sa loob ng sampung taon upang pondohan ang mga pangakong infrastructure
- Pagpapatuloy pa ng panahon ng pagsisimula ng konstruksiyong HomeBuilder at ng New Home Guarantee
- Pamumuhunan sa pagtatakda at mga kasanayan upang palaguin ang ekonomiyang-digital ng Australya
- Sinusuportahan ang ating mga sektor at rehiyon na pinakasamang nadagukan, kabilang ang \$1.2 bilyon na suporta para sa aviation at turismo

Paggarantiya ng mahahalagang mga serbisyo

- Pinoprotektahan ang kalusugan ng mga Australyano sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng pangkalusugang pagtugon sa COVID-19 at higit pang pamumuhunan sa

programa ng pagbabakuna laban sa COVID-19

- Sinusuportahan ang mga tao na may kapansanan sa pamamagitan ng lubusang pagpopondo ng NDIS na may karagdagang \$13.2 bilyon
- Nagbibigay ng \$17.7 bilyon upang pondohan ang mga reporma sa pangangalaga ng matatanda at pagtiyak na ang mga matatandang Australyano ay tatraturin nang may paggalang, malasakit at dignidad
- \$2.3 bilyon para sa pinabuti at pinalawak na pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan at paghadlang sa pagpapakamatay
- Pamumuhunan sa ating mga preschool

Pagpapabuti ng kaligtasan ng mga kababaihan at pangkabuhayang seguridad

- Pagtalakay ng karahasan laban sa mga kababaihan at mga bata
- Pagtiyak na ang mga lugar ng trabaho sa Australya ay walang panliligalig na sekswal
- Pagpapabuti ng pag-access at kalidad ng mga pangkalusugang serbisyo para sa mga kababaihan
- Pagpapalakas ng pangkabuhayang seguridad ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pagpapabuti ng makakayang bayarin sa childcare at sinusuportahan ang pagtatrabaho at pinansyal na seguridad ng mga kababaihan

Pagtatag ng mas may kakayahang makibagay at maseguridad na Australya

- Pagpapanatiling ligtas ang Australya sa pamamagitan ng pamumuhunan sa ating pambansang seguridad at mga kakayahan ng nagpapatupad ng batas
- Pagtulong sa industriya ng agrikultura upang makamit ang layon nito na pagpaparami ng

farm gate output hanggang \$100 bilyon sa 2030

- Pagpapanatiling ligtas ang enerhiya, makakayanang bayarin at maaasahan
- Pagbubunsod ng mga inobasyong medikal at biotech
- Pagbubukas sa potensyal ng ating mga rehiyon
- Pagsuporta sa mga komunidad na naapektuhan ng mga likas na kapahamakan